

MGA TANONG AT SAGOT PARA SA MGA MAGULANG **GRADE 3**

1. Ano ang sinusubok sa pagtatasa ng mga nasa Grade 3?

Ang pagtatasa para sa mga nasa Grade 3 ay nauukol sa pagbabasa, pagsusulat at mga kakayahan sa matematika natutunan na ng mga estudyante sa katapusan ng primary division, ayon sa *Curriculum ng Ontario (The Ontario Curriculum)*.

2. Ano ang pagkakaiba ng pagtatasang EQAO ng Grade 3 sa mga pagsusulit na kinukuha na ng aking anak sa klase?

Magkakaiba ang mga layunin ng mga pagsusulit sa classroom at ng EQAO, at nagbibigay ng magkakaibang uri ng impormasyon.

Ang mga pagsusulit sa classroom

- ay sumusukat sa kung gaano kahusay natutunan ng mga estudyante ang ispisipikong impormasyon at nagaganap ito sa loob ng isang buong taon ng pag-aaral;
- ay nagbibigay ng agarang impormasyon ukol sa pagkatuto ng estudyante na maaaring gamitin ng mga guro upang baguhin ang mga estratehiya sa pagtuturo sa kanilang mga classroom;
- ay pinaunlad, ibinibigay at minamarkahan nang hiwalay ng mga guro at maaaring may bahagi ng pagmamarkang nakasalalay sa opinyon ng guro, batay sa kaniyang pagkakakilala sa mga indibidwal na estudyante at
- nagbibigay ng mga resulta na hindi maaaring ihambing sa buong paaralan, komite o probinsya.

Ang mga pagtatasa ng EQAO

- ay sumusukat sa pinagsama-samang kaalaman at kakayahan ng estudyante sa mga pinakamahahalagang yugto ng kanilang pag-aaral, na nauugnay sa pamantayan ng probinsya;
- ay nagbibigay ng taunang impormasyon ukol sa pagkatuto ng estudyante na maaaring gamitin ng mga guro, paaralan, mga komite ng paaralan at ng probinsyo upang masubaybayan ang pag-unlad at upang makapagplano para sa mga pagpapahusay;
- ay ginawa at ibinibigay ng mga guro sa Ontario;
- ay minamarkahan sa magkakapareho o patas na paraan ng mga guro ng Ontario at ng ibang kwalipikadong indibidwal na nakatapos na ng ispisipikong pagsasanay at
- ay nagbibigay ng mga resulta na maihahambing sa lahat ng paaralan, komite at probinsya taun-taon.

3. Kailangan bang lumahok ng lahat ng estudyante sa pagtatasa para sa Grade 3?

Ang mga pamprobinsyang pagsusulit ay bahagi ng programa sa pampublikong edukasyon ng Ontario. Ang lahat ng estudyanteng nasa Grade 3 na pumapasok sa mga pampublikong paaralan na pinopondohan ng gobyerno at sumusunod sa *Curriculum ng Ontario* ay inaatasan ng *Batas sa Kalidad ng Edukasyon at Tanggapan ng Pananagutan (The Education Quality and Accountability Office Act)* na kunin ang pagtatasa para sa Grade 3.

4. Paano nasusuportahan ang mga estudyanteng may pangangailangan sa espesyal na edukasyon ng pagtatasa para sa Grade 3?

Ang mga estudyanteng may pangangailangan sa espesyal na edukasyon na kabilang sa Indibidwal na Planong Pang-edukasyon (Individual Education Plan – IEP) ay pinahihintulutan kunin ang pagtatasa para sa Grade 3 na pinapayagan ng EQAO, at kaayon ng kanilang regular na pagsasanay sa mga pagtatasa sa classroom. Maaari kang sumangguni sa *Gabay para sa Pagtanggap, mga Espesyal na Probisyon at mga Iksemsyon (Guide for Accommodations, Special Provisions and Exemptions)* ng EQAO para sa karagdagang impormasyon.

5. Paano nasusuportahan ng pagtatasa para sa Grade 3 ang mga nag-aaral ng wikang Ingles?

Ang mga nag-aaral ng wikang Ingles ay pinahihintulutang kunin ang pagtatasa para sa Grade 3 nang may mga espesyal na probisyon na pinahihintulutan ng EQAO, at kaayon ng kanilang regular na pagsasanay para sa mga pagtatasa sa classroom. Maaari kang sumangguni sa *Gabay para sa Pagtanggap, mga Espesyal na Probisyon at mga Iksemsyon* ng EQAO para sa karagdagang impormasyon.

6. Pinapayagan ba ang mga iksemsyon?

Sa ilang sitwasyon, maaaring hindi pakuhanin ang mga estudyante ng pagtatasa para sa Grade 3 kapag natugunan nila ang pamantayang inilatag ng EQAO.

Ang mga pagpapasya tungkol sa paglahok ng isang estudyante sa mga pamprobinsyang pagsusulit at ang pagpapataw ng mga espesyal na probisyon ay isinasagawa sa paaralan, ng prinsipal at ng pangkat ng paaralan sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa mga magulang o tagapag-alaga. Maaari kang sumangguni sa *Gabay para sa Pagtanggap, mga Espesyal na Probisyon at mga Iksemsyon* ng EQAO para sa karagdagang impormasyon.

7. Kailan ibinibigay ang pagtatasa para sa Grade 3?

Ang pagtatasa para sa Grade 3 ay kinukuha sa loob ng dalawang linggo, karaniwang sa huling bahagi ng Mayo at unang bahagi ng Hunyo. Tinutukoy ng bawat paaralan ang mga petsa ng pagsusulit nito at mga oras kung kailan ito ibibigay sa sa panahon ng pagtatasa.

8. Paano ibinibigay ang pagtatasa para sa Grade 3?

Ang pagtatasa para sa Grade 3 ay ibinibigay sa magkakaparehong paraan sa buong probinsya ng mga tagapagturo sa Ontario, karaniwang kasama ang mga guro ng mga estudyante sa classroom. Ang mga estudyante ay binibigyan ng mga isang oras upang matapos ang bawat isa sa anim na bahagi ng pagtatasa. Ang mga halimbawa ng mga booklet ng pagtatasa ay makikita sa aming Web site.

Ang EQAO ay nasa kalagitnaan ng pangmatagalang proyekto upang gawing online ang programa sa pamprobinsyang pagtatasa.

9. Ano ang mangyayari kapag lumiban ang aking anak sa mga araw ng pagtatasang EQAO?

Kapag wala sa klase ang iyong anak sa mga araw na takdang ibigay ang pagtatasa para sa Grade 3, maaaring ipakuha ng paaralan sa iyong anak ang pagtatasa sa kaniyang pagbabalik, ngunit sa loob lang ng dalawang linggong panahon ng pagtatasa. Kung hindi bumalik sa paaralan ang iyong anak sa panahong iyon, hindi siya makakalahok sa pagtatasa.

Ang mga estudyanteng inaasahang lumahok sa pagtatasa ngunit hindi nagawa ito ay kasama pa rin sa pampublikong pag-uulat ng mga resulta. Dahil ang sistema sa pampublikong edukasyon na pinopondohan ng

gobyerno ang may-pananagutan para sa bawat estudyante, nag-uulat ang EQAO sa bawat estudyante. Kung hindi mabigyan ng iksemsyon ang isang estudyante alinsunod sa mga patnubay at hindi ito kumuha ng pagtatasa, siya ay ituturing bilang lumiban, samakatawid, walang data sa pag-uulat g EQAO.

10. Paano dapat maghanda ang aking anak para sa pagtatasa?

Dahil ang 100% porsiyento ng pagtatasa para sa Grade 3 ay batay sa *Curriculum ng Ontario*, walang espesyal na paghahanda ang kinakailangan. Upang maging pamilyar sa format ng pagtatasa at sa mga uri ng tanong na lalabas, maaari mong tingnan ang mga halimbawa ng mga booklet ng pagtatasa.

11. Paano minamarkahan ang mga pagtatasang EQAO?

Sa lahat ng pagtatasang EQAO, awtomatikong tinatama ng machine ang mga multiple choice na sagot. Ang mga sagot sa mga tanong na open-response sa pagtatasa para sa Grade 3 ay minamarkahan ng mga tagapagturo ng Ontario na sumailalim sa espesyal na pagsasanay at pumasa sa pagsusulit sa kwalipikasyon. Mas pinaliliwanag ng video na ito ang tungkol sa kung Paano Ginagawa, Ibinibigay at Minamarkahan ang mga Pagsusulit na EQAO (How EQAO Tests Are Created, Administered and Scored).

12. Kailan ko matatanggap ang mga resultang natanggap ng aking anak?

Ang bawat estudyante na kukuha ng pagtatasa ay makakatanggap ng Indibidwal na Pag-uulat sa Estudyante (Individual Student Report – ISR) na nagbabalangkas sa kaniyang mga resulta sa fall (panahon ng taglagas) ng susunod na taon ng pag-aaral. Tingnan ang halimbawang ito ng ISR para sa karagdagang impormasyon.

Inuulat din sa fall (panahon ng taglagas) na kasunod ng pagtatasa ang mga pamprobinsyang resulta. Ang mga resulta ng paaralan at komite ng paaralan ay ipa-publish sa Web site ng EQAO.

13. Paano inuulat ang mga resulta ng EQAO?

Ang mga resulta na mula sa pagtatasa sa primary division ay inuulat ayon sa apat na antas ng pagkamit ng probinsya. Ang mga ito ay pareho sa mga antas ng pagkamit na ginagamit ng mga guro sa classroom at sa mga report card, upang iulat ang mga nakamit na marka ng mga estudyante. Ang pamantayan ng probinsya ay Antas 3, na tumutugon sa pagkamit sa saklaw na B– hanggang B+.

Ang mga estudyanteng nakakatugon o lumalampas sa pamantayan (ibig sabihin ay nakakakamit ng Antas 3 o 4) sa pagtatasa ay nakapagpakita ng karamihan sa, o lahat ng kaalaman at kakayahang inaasahan sa kasalukuyan nilang yugto ng pag-aaral.

Para sa karagdagang detalye, pakibasa ang Gabay ng Magulang sa Pag-unawa sa mga Resultang Nakamit ng Inyong Anak 9 (A Parent’s Guide to Understanding Your Child’s Results).

14. Idadagdag ba ang mga resultang natanggap ng aking anak sa EQAO sa kaniyang mga marka?

Ang mga resulta sa pamprobinsyang pagtatasa sa elementarya ay hindi isasama sa mga marka ng estudyante. Nagbibigay ito ng karagdagang impormasyon na maaaring isaalang-alang kasama ng mga marka sa report card upang makatulong sa pagtatasa ng pagkatuto ng estudyante at upang matukoy kung ano pang karagdagang suporta ang kinakailangan.

15. Balido ba at maaasahan ang mga resulta?

Oo. Ang proseso ng paggawa, pagsubaybay at pagtiyak sa kalidad ng pagsusulit na EQAO ay isa sa pinakamahuhusay sa mundo, at tinitiyak ng mga ito ang pagkabalido at pagkamaasahan ng data ng ahensya. Ang EQAO ay may matapat na nakatakdang pagrerepaso sa bawat baitang ng sikolo ng pagtatasa —mula sa paggawa ng mga iksamen hanggang sa pagmamarka ng mga guro at sa paguulat ng mga resulta. Pinahahalagahan nang husto ng EQAO ang integridad ng data nito.

16. Paano ko magagamit ang mga resultang natanggap ng aking anak sa EQAO upang masuportahan ang kaniyang pagkatuto?

Pagdating sa pagtatasa ng pagkatuto ng estudyante, mahalagang isaalang-alang ang napakaraming impormasyon. Dapat suriin ang mga resulta ng EQAO kaalinsabay ng pang-araw-araw na paggawa ng iyong anak at iba pang pagtatasa at kontekstwal na impormasyon upang masukat ang kaniyang pagkatuto at upang matukoy kung saang bahagi ang nangangailangan ng dagdag na suporta.

Para sa mga estudyanteng hindi nakakatugon sa pamprobinsyang pamantayan sa Grade 3, napakahalaga para sa mga guro at magulang na pag-usapan kung paano sila magtutulungan upang mapunan ang mga kakulangang ito sa pagkatuto. Ang pagsubaybay ng EQAO sa mga pangkat ng estudyante ay malinaw na nagpapakita na ang mga estudyanteng hindi nakakatugon sa pamprobinsyang pamantayan sa maagang grade ay mas malamang na mahihirapan sa mga susunod na grade.

17. Ano ang kahulugan ng mga resultang natanggap ng aking anak?

Ipinapakita sa iyo ng mga resulta ng paaralan ang pagganap ng mga estudyante sa iyong paaralan, kaugnay ng sa mga naroon sa komite ng paaralan at sa buong probinsya. Matutulungan ka nito na maunawaan ang pagkamit ng iyong anak kung ihahambing sa mga nakamit ng ibang estudyante, at inihahanda ka nitong makibahagi sa mga pag-uusap tungkol sa pagsuporta sa pagkamit ng estudyante. Narito ang Anim na Katanungang Dapat Itanong Kapag Sinusuri ang mga Resulta ng Iyong Paaralan (Six Questions to Ask When Looking at Your School's Results).

Maaari kang makipag-usap sa guro o prinsipal ng iyong anak tungkol sa kahalagahan ng mga resulta ng EQAO sa pagpapatibay ng mga programa sa pagkatuto ng paaralan ng iyong anak. Ginagamit ng mga paaralan sa buong Ontario ang data ng EQAO kasama ng ibang data ng classroom gaya ng mga marka sa report card, attendance at kontekstwal na impormasyon upang mas mapaunlad ang kanilang mga plano sa pagpapahusay.

18. Ano ang mangyayari kapag bumagsak ang aking anak sa pagtatasang ito?

Mahalaga para sa mga guro at magulang na pag-usapan ang mga resulta ng mga estudyanteng hindi nakakatugon sa pamprobinsyang pamantayan sa pagbabasa, pagsusulat o matematika, at magtulunga upang mapunan ang anumang kakulangan sa pagkatuto. Ang mga resulta sa pagtatasa sa primary-division ay hindi isasama sa mga marka ng mga estudyante.

19. Bakit kailangan ng Ontario ng pamprobinsyang pagtatasa?

Ang mga resulta ng EQAO ay pangunahing sukatan ng pananagutan sa sistema ng edukasyon ng Ontario, at isang mahalagang kasangkapan sa pagpapahusay ng pagpapalano sa antas na pang-estudyante, pampaaralan, pang-komite ng paaralan at pamprobinsya. Ang isang sistema ng paaralang nakatuon sa patuloy na pagpapahusay ay dapat may pangmalawakang sistema ng pagpapatunay ng nakamit ng estudyante na totoo at maaasahan. Binibigyang-diin ng mga resulta ng pagtatasa ang mga bahagi kung saan maaari mangailangan ng dagdag na suporta ang mga estudyante. Ginagamit ng mga tagapagturo, paaralan, komite at ng probinsya ang mga data na ito upang mapuntirya ang mga inisyatibo sa pagtuturo at pagkatuto.